Pangalan: ____________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ___________ Petsa Nang Natapos: _______________Marka:__________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pagtukoy sa Paksa at Layunin ng Teksto

I. **Panuto:** Basahin ang teksto at bilugan ang letra ng tamang sagot.

Ang isang bayani ay mabuting ehemplo na dapat tularan. Inspirasyon siya upang gumawa ng kabutihan ang isang karaniwang tao sa kaniyang kapuwa. Sa kanilang buhay, masasalamin ang pagmamalasakit at pagsasakripisyo. Lahat tayo ay maaaring maging isang bayani kahit sa simpleng paraan lamang. Tulad halimbawa ng isang mag-aaral na inilalaan ang kaniyang oras sa pag-aaral upang pagdating ng panahon ay makapagtapos at makatulong sa kaniyang pamilya. Maging ang pagtatanim ng puno at pangangalaga ng mga hayop ay halimbawa ng gawain ng kabayanihan.Sa panahon ng pandemya, maraming tao ang hindi natin kilala ngunit nagpapakita ng kabayanihan sa kanilang simpleng paraan.

1. Ano ang paksa ng binasang talata?
   a. Tungkulin ng bawat tao  b. Kabutihan ng bawat tao
   c. Kahandaan sa pandemya  d. Kabayanihan ng bawat isa
2. Anong dalawang katangian ng kabayanihan ang binanggit sa talata?
   a. Katapangan at kabutihan  b. Katapangan at pagmamalasakit
   c. Pagmamalasakit at pagsasakripisyo  d. Pagmamalasakit at pagtulong sa kapuwa
3. Batay sa teksto, paano nakatulong ang bayani ng bayan?
   a. Nagbibigay ito ng inspirasyon sa iba.
   b. Nagagawang tularan ng iba ang kanilang kabutihan.
   c. Ipinaaalala sa ibang tao ang kanilang ginawang kabutihan.
   d. Naisusulat sa mga aklat ng kasaysayan ang kanilang pangalan.
4. Bakit maituturing na kabayanihan ang pagtatanim ng puno?
   a. Dumarami ang mga nagtatanim.  b. Maraming nagagawang produkto sa puno.
   c. Makasasagip ito ng buhay sa oras ng kalamidad.  d. Gawain noon pa man ng mga bayani ang magtanim ng puno.
5. Ano ang layunin ng binasang teksto?
   a. Ilarawan ang katangian ng isang bayani.  b. Ipaliwanag ang kahalagahan ng bayani sa bayan.
   c. Mangatwiran na lahat ay maaaring maging bayani. d. Isalaysay ang kuwento ng kabayanihan ng isang tao.

B. **Panuto:** Sagutin ang bawat bilang. Isulat ang mga sagot sa ng talahanayan..

Nasa kantina ng paaralan si John nang marinig niyang nag-uusap ang dalawang kamag-aral tungkol sa kanilang takdang-aralin.

Imelda: May kilala ka bang bayaning babae?
Jayson: Oo, si Melchora Aquino. Kilala siya bilang “Ina ng Katipunan.”
Imelda: Bakit siya tinawag na “Ina ng Katipunan”?
Jayson: Nagtayo kasi siya ng isang tindahan sa kanilang lugar, dito niya lihim na ginagamot ang mga maysakit at sugatang rebolusyonaryo.
Imelda: Ibig sabihin hindi siya natakot mahuli?
Jayson: Hindi! Naging lihim din na lugar ang kaniyang bahay sa mga pagpupulong ng mga Katipunero.
Imelda: Talaga palang matapang siya dahil maaari niyang ikapahamak ang panggagamot niya at pagpapatuloy sa mga Katipunero.
Jayson: Kaya nga maituturing na isang bayani si Melchora Aquino.
Imelda: Ang galing mo naman! Magbabasa pa ako tungkol sa buhay ni Melchora Aquino. Maraming salamat.

| | |
|---|---|
| 1. Sino ang dalawang nag-uusap? Ilarawan ang mga tauhan batay sa kanilang kilos at pahayag. | |
| 2. Ano ang paksa ng kanilang usapan? | |
| 3. Ilarawan ang bayaning pinag-uusapan ng mga tauhan. | |
| 4. Sang-ayon ka ba na ang pagiging matapang ay dapat taglayin ng isang bayani? Bakit? | |
| 5. Ano ang layunin ng tekstong binasa? | |